Pagtugon sa mga Alalahanin ng mga Paaralan tungkol sa Tigdas

1. Bakit mas maraming mga kaso ng Tigdas ngayon sa balita?

Karamihan ng mga tao sa U.S. ay pinoprotektahan laban sa tigdas sa pamamagitan ng pagbabakuna. Mas maraming mga kaso sa U.S. kaysa sa karaniwan dahil kakaunti ang mga taong nagpapabakuna ng measles-mumps-rubella (MMR) o naglakbay sa o mula sa mga lugar kung saan karaniwan ang tigdas.

2. Nagdudulot ba ang Tigdas ng panganib sa kalusugan sa mga paaralan?

Ang Tigdas ay isang malubhang sakit na napakadaling kumalat sa mga taong kailanman ay hindi nagkaroon ng tigdas o nabakunahan para sa tigdas. Kaya, ang tigdas ay isang panganib sa kalusugan ng mga estudyante at manggagawa na kailanman ay hindi nagkaroon ng tigas o nabakunahan ng MMR. Ang mas mataas na bilang ng mga hindi nabakunahang estudyante at tauhan ay nangangahulugan ng mas mataas na panganib na sakit na kakalat sa bawat tao, tulad ng tigdas.

3. Ano ang mga sintomas ng Tigdas?

Maaaring idulot ng Tigdas ang mga sintomas na ito:

- Mataas na lagnat (101°F o mas mataas)
- Ubo
- Sipon
- Mapula at lumuluhang mga mata
- Pantal na nagsisimula sa mukha at kumakalat sa buong katawan

Ang Tigdas ay maaaring magdulot ng mga komplikasyon, gaya ng mga impeksiyon sa tainga at pagtatae. Maaari rin itong magdulot ng malubhang karamdaman, gaya ng pulmonya, encephalitis (pamamaga sa paligid ng utak), at pagkamatay.

4. Ano ang dapat gawin ng mga paaralan kung mayroong Tigdas ang isang tao sa campus?

Kailangan sundin ng mga paaralan ang mga gabay na ito kapag ang mga estudyante o tauhan ay…

Kumpirmado o Pinaghihinalaang Mayroong Tigdas	• Huwag isama sa paaralan o institusyong nangangalaga ang batang may tigdas sa loob ng 4 na araw pagkatapos magsimula ang pantal at hanggang gumaling na siya at magagawa na niyang makabalik sa paaralan o setting ng o institusyong nangangalaga sa mga bata
Kailanman ay Hindi Nagkaroon ng Tigdas o Nabakunahan ng MMR	• Huwag isama sa paaralan o o institusyong nangangalaga sa mga bata ang bata nang 21 araw pagkatapos malantad sa isang may sakit na tao o hanggang makumpirma ng pagsusuri sa kaligtasan sa sakit na sila ay protektado

Mga Mahalagang Mensahe:

- Ang Tigdas ay isang virus na nakatira sa ilong at lalamunan. Mabilis kumalat ang tigdas sa hangin sa pamamagitan ng pag-ubo o pagbahin ng isang taong nahawaan nito.
- Ang Tigdas ay isang panganib sa kalusugan ng mga estudyante at manggagawa na kailanman ay hindi nagkaroon ng tigdas o nabakunahan ng MMR.
- Ang pagbabakuna ang pinakamabuting paraan upang iwasan ang pagkakaroon at pagkalat ng tigdas.
- Gumagawa ng mga hakbang ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan upang iwasang kumalat ang tigdas sa Probinsiya ng Los Angeles.

Saan maaaring pumunta ang publiko para sa higit pang impormasyon?

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Probinsiya ng Los Angeles I-dial ang 2-1-1

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California
916-558-1784

Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit
800-CDC-INFO
800-232-4636

Tagalog CDCP-IP-0016-12 (04/22/19)

5. Paano maiiwasan ng mga paaralan ang pagkalat ng Tigdas?

Sundin ang mga payo na ito upang panatilihing malusog ang inyong paaralan:

Hilingin sa mga pamilya at manggagawa na alamin ang estado ng kanilang pagpapabakuna. Ang pagpapabakuna ay ang pinakamabuting paraan upang iwasang makuha at maikalat ang tigdas. Kailangan magpabakuna ng measles-mumps-rubella (MMR) ang mga tao kung hindi pa sila nababakunahan o kung hindi nila alam kung nabakunahan na sila dati ng MMR.

Hilingin sa mga pamilya na tawagan muna ang kanilang doktor. Ang mga taong hindi alam ang estado ng kanilang pagpapabakuna na maaaring nagkaroon ng kontak sa isang taong may tigdas, ay kailangang tawagan ang kanilang doktor upang magpasuri para matingnan ang kaligtasan sa sakit ng tigdas o para magpabakuna ng MMR. Kung may sakit sila, kailangan nilang tawagan ang doktor bago pumunta sa kanilang opisina. Iiwasan nitong maikalat ang tigdas sa mga klinika ng mga doktor.

Magtanong sa manggagawa para malaman ang mga palatandaan ng tigdas. Ang mga guro at manggagawa sa paaralan ay kailangang malaman ang mga sintomas ng tigdas para makilala nila ito at gumawa ng pagkilos kapag nagkasakit ang mga estudyante at tauhan.

Hilingin sa mga estudyante at manggagawa na manatili sa bahay kapag may sakit sila. Kasama nito ang pagtatakip sa pag-ubo at pagbahin gamit ang manggas o tissue, madalas na paghuhugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig, at pag-iwas sa paghawak ng mga mata, ilong, o bibig, tulungan ang mga tao na iwasang makakuha at ikalat ang mga sakit sa paghinga.

6. Saan maaaring magpabakuna ang mga pamilya?

Maaaring tawagan ng mga pamilya ang kanilang doktor upang magpabakuna ng MMR, na maaaring sakupin ng insurance.
Maaari rin silang magpabakuna sa isang parmasya o sa isang klinikang nagbibigay ng libre o murang pagpapabakuna. Tumawag sa 2-1-1 o pumunta sa www.publichealth.lacounty.gov/ip para maghanap ng malapit na klinika.

7. Paano dapat tugunan ng mga paaralan ang mga alalahanin ng mga pamilya tungkol sa Tigdas?

Bigyang-diin na maaaring iwasan ang tigdas sa pamamagitan pagbakuna ng MMR. Ang pagtiyak na napapanahon ang mga imunisasyon ng kanilang pamilya, ay maaaring makatulong sa kanila na protektahan ang kanilang mga sarili, mga mahal sa buhay, at ang kanilang komunidad.

Ipaalam sa mga pamilya na nagsusumikap ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Probinsiya ng Los Angeles upang maiwasan na makakuha at maikalat ang sakit sa pamamagitan ng:

- Pag-iimbestiga sa lahat ng kaso ng tigdas sa probinsiya.
- Pagkilala sa mga taong maaaring nagkaroon ng kontak sa isang taong may tigdas.
- Pagtuturo sa mga nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga sintomas, pagkilala at pag-uulat ng tigdas
- Paggamit ng mga pamamaraang pangkaligtasan, tulad ng pagbibigay ng bakunang MMR o paglilimita sa paglahok sa paaralan o trabaho, para sa mga hindi nabakunahang tao na maaaring nagkaroon ng kontak sa tigdas
- Pag-bibigay alam sa ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California ukol sa mga kaso upang makita nila ang epekto ng tigdas sa buong estado.